# Munisipal na Buwis（Shikenminzei)

◆Ang mga naninirahan sa Kobe City simula ng Enero 1 ng taon na iyon ay mangyaring magbayad ng buwis.
◆Ang buwis ng siyudad at buwis ng lalawigan ay magkasamang babayaran. Ang tawag dito ay “Shikenminzei”.
◆Ang “Shikenminzei” ay tinatawag din na “Juminzei”. Kahit na ang magkaiba ang tawag ay kapwa ito buwis.

**Ikaw ang mahihirapan kapag hindi mo nabayaran ang Munisipal na Buwis**

1. Hindi makakapag-extend (mahabang bisa) ng bisa .
2. Kukuhanin ng Kobe City ang buwis mula sa iyong suweldo at naipon na pera.
3. Magkakaroon ng charge. (Madadagdagan ang babayaran.)

◆Ang kaugnayan ng tinitirahang lugar at ng lugar na pinagbabayaran ng buwis
Mangyaring magbayad ng Munisipal na Buwis sa lugar na tinirahan magmula sa Enero 1, ng taong iyon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Buwis sa Paninirahan (Buwis sa Munisipyo) | Reiwa 5 / Taon 2023 | Reiwa 6 / Taon 2024 | Reiwa 7/ Taon 2025 | Reiwa 8 / Taon 2026 |
| Takdang Araw | 2023/1/1 | 2024/1/1 | 2025/1/1 | 2026/1/1 |

↓ ↓ ↓ ↓

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Tirahan | Ibang Bansa | Nagoya City | Osaka City | Kobe City | Ibang Bansa |
| Pangyayari | | 2023/5/1 Sa Nagoya City nang pumasok sa Japan | 2023/12/1 Lumipat sa Osaka City | 2024/2/1 Lumipat sa Kobe City | 2026/3/1 Lumabas ng Japan |

| Taon ng Shikenminzei (Juminzei) | Para sa Taon Reiwa 5/2023 | Para sa Taon Reiwa 6/2024 | Para sa Taon Reiwa 7/2025 | Para sa Taon Reiwa 8/2026 |
|---|---|---|---|---|
| Lugar ng Deklarasyon | wala | Osaka City | Kobe City | Kobe City |
| Lugar ng Pagbabayad | wala | Osaka City | Kobe City | Kobe City |
| Lugar kung saan makakakuha ng Sertipiko | wala | Osaka City | Kobe City | Kobe City |

## 1. Deklarasyon（Ipapasa ang dokumento sa ward office）

Ang Munisipal na buwis na iyong babayaran ay depende sa halaga ng iyong kinita nang nakaraang taon ng Enero 1 hanggang Disyembre 31 nang taon ding iyon.
Ang kumpanya na kung saan tumanggap ng suweldo ang magpo-proseso sa Kobe City.
Kung hindi na-proseso ng kumpanya, ay ikaw magdeklara sa Kobe City.
※ Mangyaring kumuha ng "Gensencho shu hyo"（withholding slip nang nakaraang taon）sa kumpanyang pinag-trabahuhan.

## 2. Ang pagtutuos ng Munisipal na Buwis

Ibabatay ng Kobe City ang halaga ng buwis sa iyong kinita nang nakaraang taon.
○" Pagbubuwis" :Ang residente na kumita ng Malaki nang nakaraang taon ay magbabayad ng Munisipal na Buwis
○" Eksempsyon sa Pagbubuwis：Ang residente na kumita ng mas mababa sa 1,100,000 Yen nang nakaraang taon ay walang babayarang (0 Yen) Munisipal na Buwis.

■ Kung ikaw ay may kapansanan (may sertipiko (Techo) para sa may mga kapansanan)
■Kung ikaw ay solong magulang (ina o ama na mag-isang bumubuhay sa anak)
■Kung ikaw ay biyuda (①Ginang na namatayan ng asawa
②Babae na sumusustento sa pamilya matapos makipag-diborsiyo sa asawa)
■Kung ikaw ay isang menor de edad (0～17taon ang edad)

## 3. Magbayad ng Munisipal na Buwis

Magpapadala ang Kobe City ng Tax Invoice (pasubali sa buwis) sa mga taong kinakailangang magbayad ng buwis.

**Mangyaring magbayad ng Munisipal na Buwis ang mga taong tumanggap ng Tax Invoice.**



○ Darating sa dating pinagtatrabahuhan



○ Darating sa iyong tahanan

# Tungkol sa sertipiko ng Munisipal na Buwis

## ○ Sertipiko ng Munisipal na Buwis / Pagbubuwis (Eksempsyon sa Pagbubuwis)

**→Dokumento na makakapagpatunay ng halaga ng kinita at ng Munisipal na buwis sa loob nang nakaraang 1 taon.**

※Ang Kobe City ay hindi makakapagbigay sa iyo ng sertipiko kung walang data ng Munisipal na Buwis.

Sa ganitong pagkakataon ay mangyaring mag-deklara sa Kobe City.

Kung walang kinita nang nakaraang taon ay mangyaring ipagbigay-alam na "walang kinita (0 Yen)". Maaari kang makatanggap ng sertipiko sa ikatlong araw mula sa araw na mag-file ka ng iyong deklarasyon

Maaari kang makatanggap ng sertipiko sa ikatlong araw mula sa araw na mag-file ka ng iyong deklarasyon.

(Hindi kabilang ang araw na sarado ang ward office.)

| Biyernes | Sabado | Linggo | Lunes | Martes | Miyerkules |
|---|---|---|---|---|---|
| Araw nang nag-deklara | Sarado | Sarado | — | — | Araw na maaaring makahingi ng sertipikasyon |
| 0 | — | — | Unang araw | Pangalawang araw | Pangatlong araw |

## ○ Sertipiko ng Buwis

**→Dito malalaman kung nagbayad ng Munisipal na Buwis sa Kobe City**

※Kung hindi nagbayad ng Munisipal na Buwis ay, hindi makakakuha ng sertipiko.

## ○ Lugar kung saan makakakuha ng sertipiko

→Sa mga ward office, nakatalagang lugar, sangay, service corner at sa 2nd Floor ng Shin-Nagata Government Building

## ○ Mga bagay na kinakailangan sa pagkuha ng setipiko

→Residence Card・Pasaporte at iba pang bagay na makakapagpatunay ng iyong pagkakakilanlan
300 yen ang kailangang bayaran sa dokumento ng bawat taon

●Kung may katanungan ay tumawag sa TEL：078-647-9300

（Kobe City　Municipal Tax Planning Division）